**Federal Housing Authority (FHA):** Isang programang pederal na nagsuporta sa mga utang na nalalaan sa mga taong nagsusumikap na bumili ng kanilang unang bahay. Noong 1930s at 1940s, pinondohan ng FHA ang malawakang paggawa ng mga kapitbahay na kung saan hindi maaaring bilhin ng mga Aprikano-Amerikano at mga imigrante pamilya ang mga bahay.

**Home Owners Loan Corporation (HOLC):** Isang grupo ng mga real-estate appraisers sa loob ng gobyerno na nagbibigay ng kodigong kulay sa mga kanais-nais na lugar para sa pamumuhunan na nababatay sa lahi.

**Redlining:** Isang kodigong kulay na ginagamit upang markahan ang mga hindi kanais-nais na mga kapitbahay.

- **Kulay pula:** Mga lugar kung saan naninirahan ang maliit na bilang ng itim at imigrante. Noong 1940, 25% lamang ng mga residente sa East Hollywood ay itim o kaya ay imigrante, ngunit ginawa pa rin nitong hindi kanais-nais ang kalahatan ng pook sa pamumunuhan.

- **Kulay dilaw:** Mga lugar na itinuturing lumulubog, nasa gilid na ng pagiging pula.

**Ang Paghihigpit sa Kasulatan:** Kilala rin bilang Racial Covenants: Mga legal na pangangailangan na kung saan dapat walang bahay ang maibebenta o muling maibebenta sa mga Aprikano-Amerikano o sa mga hindi-puting imigrante. Ang mga Racial Covenants ay ipinagbawal ng Korte Suprema sa kasong Shelley vs Kraemer noong 1948.

**Gentrification:** Ang pagpuhunan sa mga kapitbahay na dati ay naredline at itinuturing mura upang makaakit ng mga residenteng mas mayaman sa pook, na kadalasan ay nagreresulta sa pag-alis ng mga residente at mga negosyong mas mababa ang sahod na umaasa sa abot-kayang renta para gawin ang kanilang kabuhayan.

Sa Los Angeles, kasama ang makasaysayang South Central, halos ang buong East Los Angeles, East Hollywood, Silver Lake, Echo Park, at iba pa, sa mga kapitbahay na kung saan "naredline" ang mga itim at imigranteng komunidad.

**DEED RESTRICTIONS FOR LOS FELIZ HOMES CIRCA 1926**

This property, subject to the following conditions.. That said property or any part thereof shall not, nor shall any interest therein at any time, be rented, leased sold, devised or conveyed to or inherited by, or be otherwise acquired by or become the property of by any person whose blood is not of the Caucasian Race, but persons not of the Caucasian Race may be kept thereon by such a Caucasian occupant strictly in the capacity of servants of such occupant.

Ang Paglalarawan ng isang lugar sa East Hollywood ng L.A. County at HOLC sa taong 1939:

"Nakakalat sa lahat ng dako ng pook ay ang isang maliit na bilang ng apartment na may gradong ‘B’, korteng bunggalo at iba pang mga tirahan na pangmaramihan na pamilya. Ang populasyon ay higit na ‘heterogeneous’ na mas marami pang wisik ng maliliit na lahing sangkap, doon may ilang konsentrasyon ng Japanese at Negro sa loob ng distrito. Mayroon ding ganap na populasyon ng mga Hudyo sa tabi ng sinagog na matatagpuan sa hilagang parte. Habang hindi ito itinuturing isang pook ng mga dukha, ito ay siguradong mapalanta at binibigyan ng ‘medial red’ na grado."

**ZOOM PANEL SERIES**
**Meeting ID: 852-0656-9528**
**Phone: (669) 900-6833**


**Thu, Mar 4, 2021 6:00PM PST**
*Past: Redlining Interment, and Resilience*

**Thu, Mar 11, 2021 6:00PM PST**
*Present: Documenting Gentrification*

**Thu, Mar 18, 2021 6:00PM PST**
*Future: The Fight for Housing*

# PAGGAWA NG ATING KAPITBAHAY:

## *ANG REDLINING, GENTRIPIKASYON, AT PAMAMAHAY SA EAST HOLLYWOOD*





*Inihanda ni:*


This Side of Hoover
SAMANTAHELOU.COM
@THISSIDEOFHOOVER

J.T. THE L.A. STORYTELLER
People. Places. Los Cuentos.
JIMBOTIMES.COM
@JIMBOTIMES

Anti-Eviction Mapping Project
ANTIEVICTIONMAP.COM
@ANTIEVICTIONMAP

Sa taong 1939, nagpayo ang gobyernong pederal sa mga banko tungkol sa kung saan sila magiisyu ng utang sa mga mamimili ng bahay, kasalukuyang minamarka ang mga "kanais-nais" na mga kapitbahay batay sa lahi. Ang mga kulay pula at dilaw na lugar, na kung saan naninirahan ang mga itim at imigranteng residente, ay "hindi kanais-nais." Ang mga kulay asul at berdeng lugar, na kung saan mga puting residente ay naninirahan at pwedeng manirahan, ay "kanais-nais." Dahil sa mga patakarang ito, ang mga kapitbahay na kung saan may populasyon ng puti ay lumaki sa yaman samantalang ang mga lugar kung saan may populasyon ng itim at imigrante ay lubhang nalulong sa kahirapan. Sa taong 2021, ang pagaari ng pamamahay ay nananatiling ang pangunahing pinagkukunan ng yaman para sa mga pamilya sa Estados Unidos.




## Taong 1934

Ang FHA ay naitatag sa panahon ng Great Depression.

## Taong 1939

Pinondohan ng FHA ang pamamahay na eksklusibo para sa mga kapitbahay na kung saan hindi nabebenta ang mga bahay sa mga Aprikano-Amerikano o sa mga hindi-puting imigrante.

## Taong 1950

Pagkalipas ng dalawang taon matapos pagbawalan ng Korte Suprema ang mga restriksyon laban sa pagbebenta ng bahay sa mga Aprikano-Amerikano, pinangunahan ng California Association of Realtors ang isang kampanya para sa Article 34, na nagsasabi na kailangan ang mga komunidad sa California na bumoto bago maipatayo ang pampublikong pamamahay sa kanilang lugar. Malubhang nilimitado nito ang pagkakataon ng mga itim at imigranteng pamilya sa Los Angeles na magkaroon ng pamamahay.

---

**Pinagbawalan ng Fair Housing Act ng 1968 sa papel ang mga diskriminadong patakaran sa pamamahay ngunit hindi ito lumikha ng panibagong pamimilian na masang pamamahay para sa mga itim at imigranteng komunidad.**

## Taong 1970

Bahagyang limitado sa mga apartment o mga bahay na nirerentahan para sa pamamahay, ang mga komunidad na itim at imigrante ay may malaking tungkulin na ginampanan sa mga kilusan ng mga nagrerenta, ipinaglalaban at nananalo sa mga proteksyon ng mga nagrerenta sa California gaya ng sa "rent stabilization" (RSO) at mga patakarang makatwiran-at-dahilan-para-sa-pagpapatalsik.

## Taong 1985

Ang mga grupo ng mga panginoong maylupa ay nagresponde sa "rent stabilization" sa pamamagitan ng Ellis Act, ang isang batas na naipasa ng lehislatura ng California na pinapayagan ang mga panginoong maylupa na kunin at tanggalin ang mga "rent stabilized" (RSO) na pamamahay sa market at palitan ang mga gusali ng mga kondominyum.


## Taong 2008

Ang Great Recession ay nagambag sa kasalukuyang kakulangan ng pamamahay. Ayon sa American Civil Liberties Union, "ang mandaragit na mga utang sa mga komunidad na may kulay ay bahagyang responsable sa mga pagbunsod ng pamamahay at kasunod na krisis sa pamamahay at ng Great Recession ng huling dekada." Pinupuna din ng mga eksperto na ang puwang ng pagkakaari ng bahay sa pagitan ng itim at puting pamilya sa US ay mas malaki ngayon kaysa noon kung saan legal na diskriminahin ang mga itim at imigranteng pamilya na nangangailangan ng pamahay.

## Sa taong 2020

Ayon sa Los Angeles Homeless Services Authority, sa pagitan ng taong 2019 hanggang 2020, hindi bababa sa 6,000 na nakakatanda edad 62 pataas ang nawalan ng tirahan, ang pagtaas ng 20%. Sa panahong itinigal ng taon, halos 13,000 pamilya sa L.A. County ang nawalan ng tirahan, ang pagtaas ng 46%. Ang mga itim, na bumubuo ng mas mababa sa 9% ng populasyon ng LA, ay 34% ng mga walang bahay. Ang mga Latino, na bumubuo ng 49% ng populasyon, ay 36% ng mga walang bahay.

**Demograpiko ng East Hollywood**




**87 % Renters**

**9% Homeowners**

---

**ANG GENTRIFICATION AY ANG BAGONG PUHUNAN SA MGA MAKASAYSAYANG “HINDI KANAIS-NAIS” NA MGA KAPITBAHAY.**

Pinapaunlad muli ng gentrification ang mga nirerentahang apartment at mga negosyo sa mga lugar na dati ay "mura" upang akitin ang mga residenteng mas malaki ang sahod. Madalas nagreresulta mula dito ang pag-alis ng mga residente at mga negosyong mababa ang sahod na umaasa sa abot-kayang renta para gawin ang kanilang kabuhayan.




Sa East Hollywood, mahigit 3/4 ng mga residente ay nangrerenta. Itim, Latinx, Armenian, at mga pamilyang Asyano-Amerikano at Pilipino ay naninirahan na dito makailang dekada na, pero ayon sa pananaliksik, mula taong 1980 hanggang 2014 sa Los Angeles, "ang renta ay tumaas ng 55%, kahit na ang sahod ay tumaas ng 13% lamang." Bukod dito, mula taong 2000 hanggang 2020, ang mga pagpapalayas ng Ellis Act sa East Hollywood ay tumanggal ng hindi bababa sa 464 na "rent stabilized" (RSO) na apartment.

Habang hindi pa nakakakita ng malaking puhunan ang East Hollywood para sa mga naninirahang mababa ang sahod, ang pagpulis ng nasabing lugar ay naging naaalinsunod na pinagpupuhunan. Mula taong 2012 hanggang 2017, ang LAPD at LASD ay gumastos ng hindi bababa sa $4.9 million para pagpunan ang mga gastos sa pagaresto ng mga tao sa lugar, na ang oras sa kulungan ay tatlong beses pang mas mahaba kaysa sa mga naaresto sa Los Feliz o sa Silver Lake. Ayon sa dating direktor ng LAHSA, "Wala na sigurong hihigit pa sa pagkakabilanggo bilang isang makabuluhang kadahilanan sa tuntunin ng pagtataas ng tanawin ng pagkawala ng tirahan ng isang tao."